# Tseklist Bago Mag-enroll

Bago gumawa ng desisyon sa pag-enroll, mahalagang lubos mong maunawaan ang aming mga benepisyo at mga patakaran. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, maaari kang tumawag at makipag-usap sa isang kinatawan ng serbisyo sa kustomer sa **1.888.88A.DSNP** (**1.888.882.3767**). Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1.800.735.2929**. Bukas kami Lunes - Linggo (pitong (7) araw sa isang linggo), 8:00 nu - 8:00 ng.

## Pag-unawa sa Mga Benepisyo

☐ Nagbibigay ang Katibayan ng Saklaw (Evidence of Coverage, EOC) ng kumpletong listahan ng lahat ng saklaw at mga serbisyo. Mahalagang suriin ang saklaw ng plano, mga gastos, at benepisyo bago ka mag-enroll. Bisitahin ang **www.alamedaalliance.org/alliancewellness** o tawagan ang **1.888.88A.DSNP (1.888.882.3767)** (TTY: **1.800.735.2929**) para tingnan ang kopya ng EOC.

☐ Suriin ang direktoryo ng tagapagbigay (o tanungin ang iyong doktor) para matiyak na kabilang sa network ang mga doktor na kasalukuyan mong pinupuntahan. Kung hindi sila nakalista, nangangahulugan ito na malamang kailangan mong pumili ng bagong doktor.

☐ Suriin ang direktoryo na parmasya para matiyak na kabilang sa network ang parmasya na ginagamit mo para sa anumang reseta ng gamot. Kung hindi nakalista ang parmasya, malamang na kailangan mong pumili ng bagong parmasya para sa iyong mga reseta.

☐ Suriin ang formulary para matiyak na saklaw ang iyong mga gamot.

## Pag-unawa sa Mahahalagang Patakaran

☐ Maaaring magbago ang mga benepisyo, premium, at/o copayment/co-insurance sa Enero 1, 2027.

☐ Maliban sa mga emerhensiya o agarang sitwasyon, hindi namin sinasaklaw ang mga serbisyo mula sa mga tagapagbigay na wala sa network (mga doktor na hindi nakalista sa direktoryo ng tagapagbigay).

☐ Ang planong ito ay dalawahang karapat-dapat na plano para sa espesyal na pangangailangan (Dual Eligible Special Needs Plan, D-SNP). Ang iyong kakayahang mag-enroll ay ibabatay sa beripikasyon na may karapatan ka sa parehong Medicare at tulong medikal mula sa plano ng estado sa ilalim ng Medicaid.



H2035_25_ 02281_D-SNP_MBR_PEC_C Accepted 07292025

D-SNP MBR_PRE-ENRLMNT CHKLST 07/2025

Ang Alameda Alliance Wellness ay HMO D-SNP na may kontrata sa Medicare at kontrata sa Programa ng Medi-Cal (Medicaid) ng Estado ng California. Ang pagpapatala sa Alameda Alliance Wellness ay depende sa pag-renew ng kontrata.



H2035_25_ 02281_D-SNP_MBR_PEC_C Accepted 07292025

D-SNP MBR_PRE-ENRLMNT CHKLST 07/2025